

Public education
Discover a world of opportunities

AGHAM: PAG-AARAL SA TAHANAN

AGHAM SA LABAS

Laro sa aplaya

- Pagamitin ninyo ang inyong anak ng kanyang mga pandama kapag kayo ay nasa aplaya. Sabihin ninyo sa kanya na amuyin ang hangin ng dagat, hanapin ang mga alon, damahin ang buhangin sa ilalim ng kanyang mga paa at lasahan ang tubig ng dagat.
- Patayuin ninyo ang inyong anak sa linya ng alon at hayaan niyang marahang hampasin ng mga alon ang kanyang mga paa. Ipalarawan ninyo sa kanya kung ano ang nararamdaman niya.
- Humukay kayo ng butas sa tabi ng linya ng alon at tingnan ninyo kung gaano katagal mapupuno ito ng tubig. Patayuin ninyo ang inyong anak sa butas at ipalarawan ninyo sa kanya kung ano ang nangyayari.
- Magtgipon kayo ng naanod na kahoy, damong-dagat at mga kabibi at gumawa kayo ng mga dibuho at mga disenyo sa buhangin. Ipalarawan ninyo sa inyong anak ang madarama kapag hinipo ang pang-ibabaw ng mga bagay na ito, halimbawa *magaspang, makinis, malamig, malusak* at

matulis. Palikhain ninyo ang inyong anak ng kuwento tungkol sa pinanggalingan ng mga bagay na ito.

Laro sa ulan

- Pakinggan ninyo ang paghulog ng ulan sa iba-ibang kalatagan at sabihin sa inyong anak na ipaliwanag ang mga iba-ibang tunog.
- Tumayo kasama ng inyong anak sa ulan. Hayaang mahulog ang ulan sa inyong mga mukha. Ilabas ninyo an inyong mga dila para saluhin ang ulan. Magtanong kayo ng mga tanong gaya ng: *Ano ang pakiramdam ng ulan?* at *Ano ang lasa ng ulan?*
- Pagmasdan ninyo ang mga dagim at ipalarawan sa inyong anak ang mga ito.
- Panoorin ang pagsalwak ng ulan sa mga lusak. Pagawain ninyo ang inyong anak ng maliliit na alon sa pamamagitan ng kanyang mga daliri. Tingnan kung nakikita niya ang kanyang larawan. Tumalon kayo sa lusak!



**Makakakita kayo nang higit pa
mga pahina ng mga impormasyon ukol sa
pantahanang pag-aaral
sa education.wa.edu.au.**



Department of
Education